# SINO ANG TINUTULUNGAN NAMIN

Mga bata, kabataan at young adults na nakakatanggap ng mga serbisyo o programang ibinibigay o pinopondohan ng gobyerno, kabilang ang:

- mga bata at kabataang inaalagaan
- mga nasa mental health services
- mga nasa addiction services
- mga kabataan na nasa Youth Agreement
- mga bata at kabataan na may special needs
- mga kabataang nasa custody
- early childhood development o child care
- mga kabataang nagiging adults
- mga young adult bago ng kanilang ika-27 na kaarawan na:
  - eligible na makatanggap ng mga serbisyo mula sa Community Living BC, o
  - nasa ilalim ng, o eligible para sa isang Agreement sa Young Adults, o
  - eligible para sa isang pamprobinsyang post-secondary tuition waiver.

**Kahit na hindi kami maaaring makatulong sa iyo, maaari pa rin kaming tumulong na humanap ng taong makakatulong sa iyo. Bisitahin kami online, mag-text o tumawag sa amin para sa karagdagang impormasyon.**

# KONTAKIN KAMI


Toll-Free: 1-800-476-3933
Text: 1-778-404-7161
Email: rcy@rcybc.ca
Web: www.rcybc.ca

Head Office - Victoria
400-1019 Wharf Street
Victoria, B.C. V8W 2Y9

Northern Office - Prince George
1475 10th Avenue
Prince George, B.C. V2L 2L2


# MATATAGPUAN KAMI SA

rcybc
rcybcyouth

@rcybc
@rcybcyouth

Rep4Youth

rcybcyouth



Background art: Disenyo ni Jordan Williams

# REPRESENTATIVE FOR CHILDREN AND YOUTH

## Kinatawan para sa Mga Bata at Kabataan



[Filipino]

# TUNGKOL SA RCY

Ang Opisina ng Representative for Children and Youth (RCY) ng BC ay sumusuporta sa mga kabataan at sa kanilang mga pamilya upang makatugon sila sa child-and youth-serving system ng probinsya. Pinangangasiwaan ng Rep ang child welfare system at gumagawa ito ng mga rekomendasyon upang mapabuti ito.



**Si Jennifer Charlesworth ang Representative for Children and Youth sa B.C. Si Jennifer ay lubos na interesado sa mga karapatan ng mga bata, mental health ng mga bata at kabataan, transition ng kabataan patungong adulthood, at pagtitiyak na ang mga First Nations, Métis, Inuit at Urban Indigenous na mga bata at kabataan ay mas mahusay na napaglilingkuran at may matatag na ugnayan sa kanilang mga kultura at mga pamilya.**

## ANG IYONG MGA KARAPATAN

Ang bawat bata at kabataan sa B.C. ay may karapatan na maging **ligtas, malusog, edukado at na mapakinggan**. Ang RCY Advocates ay nagbibigay ng suporta sa mga kabataan (at sa mga adult na nakikipag-ugnayan sa amin sa kanilang ngalan) na nangangailangan ng tulong sa mga programang ibinibigay o pinopondohan ng gobyerno.

**Sinisigurado ng RCY Advocates na ang mga karapatan at interes ng mga bata at kabataan ay napoprotektahan at na ang kanilang mga opinyon ay naririnig at isinasaalang-alang.**

## MGA KABATAAN AT YOUNG ADULTS NA NASA GOVERNMENT CARE

Ang lahat ng mga bata, kabataan at young adults na nasa pangangalaga o nakakatanggap ng mga serbisyo ng gobyerno ay dapat makakuha ng parehong mga oportunidad para sa tagumpay na nakukuha ng ibang mga kabataan.



## PAANO KAMI MAKAKATULONG

Ang RCY Advocates ay makakatulong sa iyo na:

- Malaman ang iyong mga karapatan at kung ano ang gagawin kung hindi ito iginagalang
- Kumonekta sa mga programang kailangan mo
- Magsalita upang makatulong na malutas ang isang problema
- Maging bahagi ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga
- Magtransisyon o lumabas mula sa pangangalaga ng ministry.

***Ang anumang sasabihin mo ay pananatilihing pribado.***

## MONITORING AT IMBESTIGASYON

**Minomonitor at tinatasahan** din ng RCY **ang mga programang pinopondohan ng gobyerno** upang makagawa ito ng mga rekomendasyon kung paano pahuhusayin ang mga ito, at minomonitor nito ang mga pagbubuti sa Indigenous child welfare.

Kung ang isang bata o kabataan na tumatanggap ng serbisyo ng gobyerno ay namatay o napinsala, **maaaring rebyuhin o imbestigahan ito** ng RCY.

